

## MGA HAMONG KINAKAHARAP SA PAGSULAT NG BANGHAY ARALIN NG MGA MAG-AARAL

<sup>1</sup>Joenard L. Tuastomban, <sup>2</sup>Nica R. Amado, <sup>3</sup>John Mark M. Borata, <sup>4</sup>Diane Mariel J. Llanos

<sup>1</sup>Faculty, Misamis University, Ozamiz City

<sup>2,3,4</sup>Misamis University, Ozamiz City

### ABSTRACT

Ang pagsulat ng banghay aralin ay isa sa ginagamit na instrumento upang mas maging makabuluhan at epektibo ang daloy ng pagtuturo ng isang guro. Ang pag-aaral na ito ay naglayong matukoy ang mga hamong kinaharap ng mga mag-aaral ng BSED Filipino Major sa pagsulat ng banghay aralin sa taong panuruan 2021-2022. Ito ay isinagawa sa College of Education ng Pamantasan ng Misamis. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang dalawampu't limang mag-aaral ng BSED Filipino Major na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Gumamit ng gabay na katanungan na sariling gawa ng mananaliksik sa panayam. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng birtwal na panayam sa mga kalahok gamit ang Microsoft Teams at Messenger. Ang mga datos ay sinuri gamit ang pamamaraan ni Moustaka. Ang pag-aaral na ito ay nagbunga ng sumusunod na mga tema: (1) kakulangan ng malalim na kaalaman sa paksang tatalakayin; (2) kahirapan sa pag-organisa ng mga ideya; (3) limitadong bokabularyo; (4) kahirapan sa paglikha ng mga gawain; at (5) limitadong kakayahan at kasanayan sa pagbuo ng aralin. Kinakailangan mas bigyan pansin ng mga guro ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral upang makabuo ng isang makabuluhang banghay aralin. Para sa susunod na mananaliksik, imumungkahi na magsagawa ng pananaliksik sa iba pang mga hamong kakaharapin ng mga mag-aaral sa pagsulat ng banghay aralin.

**KEYWORDS-** banghay aralin, hamon, kakayahan, kasanayan, pagsulat.

### 1. PANIMULA

Sa likod ng maayos at kawili-wili na interaktibong talakayan sa loob ng isang silid-aralan ay may kaakibat na paghihirap sa pagsulat at pagbuo ng isang banghay aralin. Ang pagsulat ng isang banghay aralin ay isa sa mga mahahalagang hakbang na kinakailangan gawin ng bawat guro at mga mag-aaral na nagsasanay upang maging isang guro sa hinaharap (Sofiyah, 2021). Ang pangunahing layunin ng pagsulat ng banghay aralin ay upang magkaroon ng gabay at pahasayin ang kalidad ng pagtuturo bago pa man isagawa ang aktuwal na interaktibo at epektibong pagtuturo. Ang kalidad ng isang banghay aralin ay may epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung ang banghay aralin ay mahusay na isinulat at ibinuo ay tiyak na mahusay rin ang magiging kalalabasan (Nida, 2019).

Isa sa mga salik na humahantong sa tagumpay sa larangan ng pagkatuto ay ang banghay aralin ng guro. Ang mahusay na pagkakaplano ng isang banghay aralin ay mahalaga sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ang isang guro na may kahandaan sa pagsulat ng banghay aralin ay maaaring maging matagumpay sa aktuwal na pagtuturo (Sudhakar, 2017). Ang pagsulat at pagbuo ng mga kawili-wiling aralin kasama na ang mga ideya at mga gawain ay naglalaan ng malaking oras at pagsisikap. Bago sumulat ng isang banghay aralin, dapat na tiyaking pamilyar ang mga guro sa kurikulum na sinisundan, gayud in sa mga aklat-aralin. Batay sa kurikulum, nalalaman ng mgaguro kung anong pangkabatiran ang dapat tamin sa pagkatapos gagawin itong pangkalahatang layunin sa pagkatuto (Marino, 2019).

Ang pagtuturo ay isang kumplikadong gawain upang mapukaw at mapaunlad ang pangkabatiran o *cognitive*, pandamdamin o *affective*, at saykomotor o *psychomotor* (Sadam et.al.,2021). Samakatuwid, ang bawat tagapagturo sa yunit ng edukasyon ay obligadong maghanda ng isang kumpleto at sistematikong banghay aralin upang ang mga gawain sa pagkatuto ay maging interaktibo, nagbibigay-inspirasyon, masaya, mapaghamon, at mahusay upang ito ay makapag-udyok sa mga mag-aaral na aktibong makilahok at magbigay sa kanila ng sapat

na espasyo upang matuto na maging malikhain, at malaya alinsunod sa kanilang mga talento, interes, pisikal at sikolohikal na pag-unlad (Saud, 2019). Bilang karagdagan, ang mga guro ay tiyak din na handa hindi lamang sa pagbibigay kaalaman tungo sa kaniyang mag-aaral kundi matiyak din na ang mga mag-aaral ay may matutunan bago magtapos ang diskusyon tungkol sa isinagawang talakayan. Ang lahat ng isasagawang mga gawain ay ibabatay sa mga layunin na nakasaad kaya maaaring magpagsya ang guro kung alin sa mga pagsasanay ang palalawigin, babaguhin, o tatanggalin at idadagdag (Marino, 2021). Kaya sinisiguro na ang mga layunin ng isinagawang banghay aralin ay may kaugnayan sa paksang-aralin. Ang guro ay dapat maghanda ng iba pang paliwanag upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang paksa. Maaaring kasama sa mga pamamaraan ang pagbibigay ng mga halimbawa na may kaugnayan sa totoong buhay o paglikha ng *hypothetical* na sitwasyon na may kaugnayan din sa paksa. Ang paggawa ng mga gawain at pagsusulat na may kaugnayan sa aralin ay nakakatulong para sa mga mag-aaral na matandaan ang paksang itinuturo (Jones, 2018).

Gayunpaman, bagama't napagtanto ng mga guro na ang paggawa ng banghay aralin ay mahalagang instrumento sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, nahihirapan pa rin sila sa paggawa nito. Napag-alaman sa isang pananaliksik na ang mga guro sa Indonesia ay nagpapabaya at basta-basta na lamang sa pagsulat ng kanilang banghay aralin (Ojukwu, 2021). Ang katotohanan na nangyayari ay nagpapakita na maraming guro ang hindi naghahanda ng banghay aralin (Saud, 2019). Ang iilang mga guro sa Filipino ay nahaharap din sa mga paghihirap na nararanasan sa pagsulat, pagbuo o pagdidisenyo ng isang banghay aralin kaugnay sa mga tuntunin ng pagbabalangkang ng araling matatamo, pagpili ng estratehiya at metodolohiya sa pagsulat ng banghay aralin, pagpili ng mga materyales na gagamitin sa pagtuturo, pagpili at pag-isip ng mga gawain o pasulit na may kaugnayan sa paksang aralin na ituturo, paglalaan ng oras at pagbuo ng pagtatasa (Antonio, 2021).

Sa bansang India, sa pagtatapos ng taong 2012, inihayag ng Ministro ng Edukasyon ng Indonesia ang pinakabagong kurikulum na tinatawag na 2013 curriculum. Ito ang pagbabago ng kurikulum na siyang ilalapat sa lahat ng antas ng edukasyon mula sa elementarya hanggang sekondarya (Habiburrahim, 2019). Dahil sa pagbabagong naganap, ang mga guro sa nasabing bansa ay nakararanas din ng ilang paghihirap sa dahil sa bagong probisyon ng kurikulum (Saputri, 2017). Nalilito sila sa pag-oorganisa ng mga ideya sa pagsulat ng banghay aralin dahil kailangan nila baguhin ang *syllabus*. Samakatuwid, ang mga guro ng State Junior High School ng 03 Maja ay nahihirapan din dahil sa pagpapatupad ng 2013 curriculum. At ayon sa naging panayam nito, ang mga guro ay nahihirapang mag-ayos ng mga iskedyul ng aralin dahil bawat linggo ay palaging nagbabago ang nilalaman. Dagdag pa nito, nahihirapan ang mga guro na pamahalaan ang oras sa paggawa ng banghay aralin dahil sa saklaw rito at sa pagitan ng mga paksa na masyadong malawak na kung saan ay hindi natatapos sa isang linggo (Allahverdi & Gelzheiser, 2021).

Sa kabilang dako, ang proseso ng pagkatuto na batay sa 2013 curriculum, ang banghay aralin ay mas binigyang pokus ang mga mag-aaral bilang sentro sa pagkatuto. Mas binibigyang pansin nito ang kaalamang nakukuha ng mga mag-aaral sa talakayan. Samakatuwid, ito ay maaaring pinakamahasag na paraan upang sanayin ang mga mag-aaral upang matuto sila sa kanilang sariling pamamaraan habang ang mga guro ay nagbibigay lamang ng gabay at nagpapaliwanag ng panuto kung ano ang gagawin habang ang mga mag-aaral ang siyang gagawa ng gawain (Hujjaturrehman, 2019).

Malaki ang naiambag na tulong ng isang banghay aralin lalo na sa mga guro ngunit makikita na ang pagsulat ng isang banghay aralin ay hindi madaling gawin. Gayunpaman, kahit mahirap at mapanghamon, kailangan at mahalaga pa rin na matukoy natin ang mga hamong kinakaharap sa pagsulat ng banghay aralin upang matuklasan at makagawa ng mga hakbang upang mas mapalainang nang husto sa pagsulat ng isang banghay aralin nang sa gayo'y makabuo ng isang epektibong banghay aralin.

Bagama't marami na ang nagsaliksik sa kahalagahan ng banghay aralin at mga estratehiya ng mga mag-aaral na napapabilang sa *College of Education* sa larangan ng paghahanda sa paggawa nito ay malimit lamang nilang tuklasin ang problema at hamong kinakaharap ng mag-aaral sa pagsulat ng banghay aralin, at halos wala naman pagdating sa asignaturang Filipino. Dahil dito, naisipan ng mga mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral tungkol sa mga hamong kinakaharap sa pagsulat ng banghay aralin ng mga *Bachelor of Secondary Education Major sa Filipino*. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral ng *College of Education* upang mas lalong malinang at mapabuti ang kalidad ng kanilang kasanayan sa pagsulat ng banghay aralin.

### 1.1 Teoretikal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa mga teoryang Cognitive Process of Writing nina Flower at Hayes (1981) at Cognitive Learning Theory ni Piaget (1936)

**Cognitive Process Theory of Writing.** Ayon kina Flower at Hayes (1981), ang pagsulat ay isang natatanging proseso. Sa teoryang ito, isinasaayos at inoorganisa ng manunulat ang mga ideya habang siya ay nagsusulat. Ang proseso ng pagsulat ay hierarchial na nagtataglay ito ng tiyak na organisasyon na kung saan, kahit anong proseso ay magkatugma ang isa't isa.

Ang mga mag-aaral ng College of Education ay may iba't ibang kognitibong proseso lalong-lalo na sa kasanayan sa pagsulat. Sangkot dito ang pag-iisip ng mga ideya, pagbuo ng mga tanong, pagtatalakay at pagpapalawig ng impormasyon kaugnay sa paksa. Kaya naman, mahalagang makapagbigay ng iba't ibang estratehiya ang mga guro habang nagsasanay pa na sumulat ng mga banghay aralin upang mas mapalawak din ang posibilidad na makapag-iisip, makapagplano, at makapag-organisa ang mga mag-aaral.

**Cognitive Learning Theory (CLT).** Ang teoryang ito ay nakatuon sa pag-iisip at isang teorya sa pagkatuto na nagpapaliwanag kung paano natuto ang mga tao. Ang teorya ay nakatuon sa kung paano pinoproseso ng utak ang impormasyon at kung paano nangyayari ang pagkatuto sa pamamagitan ng panloob na pagproseso ng impormasyon. Binuo ni Piaget ang Cognitive Learning Theory (CLT) upang imungkahi na ang kaalaman ay isang bagay na aktibong binuo ng mga mag-aaral batay sa kanilang dating natutunang kaalaman.

Batay sa karanasan ng mga mag-aaral, nahihirapan silang sumulat ng isang banghay aralin. Bilang resulta, ang teoryang ito ay maaaring gamitin bilang gabay upang matiyak na epektibo ang pagtuturo ng guro at upang matulungan ang mga mag-aaral na matutong ng kasanayan sa pagsulat.

## 1.2 Konseptuwal na Balangkas

May iba't ibang hamong nararanasan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng banghay aralin. Sa pag-aaral na ito, natukoy ng mga mananaliksik na ang kakulangan ng malalim na kaalaman sa paksang tatalakayin, kahirapan sa pag-organisa ng mga ideya, limitadong bokabularyo, kahirapan sa paglikha ng mga gawain, at limitadong kakayahan at kasanayan sa pagbuo ng aralin ay ang mga hamong kinakaharap sa pagsulat ng banghay aralin.

Ang kakulangan ng malalim na kaalaman sa paksang tatalakayin ay tumutukoy sa hamon ng mga mag-aaral sa pagbuo ng magkakaugnay na ideya tungkol sa paksa hanggang sa makabuo ng isang banghay aralin (Olorunfemi & Bitrus, 2021). Kabilang din dito ang kawalan ng kakayahan na makabuo ng ideya, kakulangan sa kakayahang sumulat ng mga lohikal at magkakaugnay na pangungusap, kawalan ng kakayahang makabuo ng isang talakayan (Wali & Madami, 2020). Ang patuloy na pagsasanay sa pagsulat ang magpapahusay sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng banghay aralin (Sukma, 2019). Upang magabayan ang mga mag-aaral sa paglinang ng paksang tatalakayin nila, maaari silang maghanap ng mga sanggunian upang may pagbabatayan sila (Al-Naibi et al., 2018).


Ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pag-oorganisa ng kanilang mga ideya. Karamihan sa kanila ay hindi makapagsulat ng isang mahusay na banghay aralin. Ang ilang mga mag-aaral ay hindi rin natapos ang kanilang pagsusulat sa oras na itinakda dulot ng kahirapan sa pag-organisa ng kanilang mga ideya (Yoandita, 2019). Ang kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo at mag-organisa ng mga ideya ay makakaapekto sa kayamanan at kalidad ng kanilang pagsulat ng banghay aralin (Wolbers et al., 2018). Upang makabuo at makapag-ayos ng mga ideya nang maayos, dapat simulan ng mga mag-aaral ang proseso ng pagsulat nang may buong kamalayan at konsentrasyon (Sumarno, 2021).

Ang limitadong bokabularyo ang nagiging hadlang ng mga mag-aaral sa pagbuo ng isang mahusay na pagsulat ng banghay aralin. Ang pagkakaroon ng limitadong bokabularyo ay isang hadlang na pumipigil sa mga mag-aaral na makabuo ng epektibo at maayos na banghay aralin (Jayanti, 2019). Nahihirapan ang mga mag-aaral na ipahayag ang kanilang saloobin at pagpapalawak sa paksang ipapaliwanag dahil limitado lamang ang alam nilang mga salita (Nawas, 2018). Batay sa naging resulta ng isang pag-aaral, kung hindi alam ng mga mag-aaral kung paano palawakin ang kanilang bokabularyo, unti-unti silang nawawalan ng interes sa pagsulat (Bui, 2022). Kaya naman,

kailangang gumamit ng angkop na mga bokabularyo ang mga mag-aaral at ang mga tumpak na salita ay umaayon sa konteksto sa kanilang gagawing banghay aralin (Nurtanto et al., 2021).

Sa pagsulat ng banghay aralin, ang mga gawain ay isang napakahalagang bagay na dapat bigyang atensyon. Ang mga gawain ay dapat na direktang nauugnay sa mga layunin ng aralin kaya kapag ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa paglikha ng mga gawain ay hindi nakabubuti para sa gagawing banghay aralin (Simamora et al., 2017). Ang mga gawain ay mahalagang kasangkapan na kailangan sa pagtuturo upang mapabuti at matagumpay ang pagkatuto ng mga mag-aaral (Ulandari & Saragih, 2019). Gayunpaman, karamihan sa mga mag-aaral ay nahihirapan sa paglikha ng mga gawaing interaktibo at kawili-wili na may kinalaman sa paksang kanilang tatalakayin (Coenders & Verhoef, 2019). Batay sa pag-aaral nina Häkkinen, Järvelä, at Valtonen (2017), upang magkaroon ng ideya ang mga mag-aaral kung anong mga gawain ang kanilang gagawin ay maaari silang gumamit o magsaliksik ng mga interaktibong gawain at makabagong mga estratehiya sa pagtuturo.

Ang pagpapalano ng aralin ay isang mahalagang yugto na dapat gawin sa pagbuo ng isang banghay aralin (Sugianto, 2020). Sa pamamagitan ng maingat na pagpapalano, ang proseso ng pagkatuto at pagpapaliwanag ay magiging mas organisado (Emiliasari, 2019). Gayunpaman, ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagbuo ng aralin sa kadahilanang limitado lamang ang kanilang kakayahan at kasanayan. Ang pagkakaroon ng limitadong kakayahan at kasanayan sa pagbuo ng aralin ay nagiging sanhi ng maraming pagkakamali sa kanilang sinulat na banghay aralin (Shweba & Mujiyanto, 2017).



### 1.3 Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga hamong kinakaharap sa pagsulat ng banghay aralin ng mga mag-aaral ng *Bachelor of Secondary Education Major sa Filipino*

## 2 PAMAMARAANG GINAMIT AT HAKBANG NA ISINAGAWA

### 2.1 Disenyo ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong pag-aaral na gumamit ng *phenomenological* na disenyo. Upang masuri ang datos, ito ay sumusunod sa *transcendental phenomenology* ni Moustaka. Sa pamamaraan na ito ay matutukoy ng mga mananaliksik ang mga hamong kinakaharap sa pagsulat ng banghay aralin ng mga mag-aaral ng Bachelor of Secondary Education Major sa Filipino.

### 2.2 Lugar ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa *College of Education* ng Pamantasan ng Misamis. Ito ay isang pribado at non-sectarian na institusyon na itinatag nina Dr. Hilarion Feliciano at Doña Maria Mercado Feliciano noong 1929. Ang Pamantasan ng Misamis, kabilang ang *Basic Education Department* ay isang ISO 9001:2015 *Management System Certified* na ipinagkaloob ng *Det Norske Veritas-Germanischer Lloyd Business Assurance*. Ang *Basic Education Department* ay ginawaran ng *Level II accreditation* ng PACUCOA (*Philippine Association of Colleges and Universities Commission on Accreditation*).

### 2.3 Kalahok sa Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay dalawampu't limang mag-aaral. Ang mga kalahok ay pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling* at ibinatay sa krayterya na; 1) mga mag-aaral na naka-enrol sa *College of Education* ng Pamantasan ng Misamis, SY 2021-2022, (2) mga mag-aaral ng *Bachelor of Secondary Education Major sa Filipino* at nakaranas nang sumulat ng banghay aralin at (3) mga mag-aaral na nagbigay ng pahintulot na maging bahagi ng pag-aaral na ito.

### 2.4 Instrumento ng Pananaliksik

Ang gabay na katanungan (Appendix A) ang ginamit sa panayam. Ang mga kalahok na mag-aaral ay nakapanayam tungkol sa mga hamong kinakaharap nila sa pagsulat ng banghay aralin gamit ang *Microsoft Teams* at *Messenger*. Sa pag-aaral na ito, ang ginamit na gabay na katanungan ay sariling-gawa ng mga mananaliksik. Ang mga eksperto sa kuwalitibong pananaliksik ay hiniling na gawin ang *content validity test* upang mabuo ang gabay na katanungan sa panayam. Ang mga katanungan ay sumasailalim muna sa *pilot test* bago isagawa ang pag-aaral upang suriin ang kalinawan at upang matiyak na makukuha nito ang kinakailangang impormasyon.

### 2.5 Pangangalap ng Datos

Bago ang pagtitipon ng mga datos at panayam, ang mga mananaliksik ay humingi muna ng pahintulot mula sa instruktur ng pananaliksik at sa Dekano ng College of Education upang maisagawa ang pag-aaral. Pagkatapos maaprubahan ang liham ng kahilingan, ang gabay na katanungan na sariling gawa ng mga mananaliksik ang ginamit upang makakuha ng datos sa mga hamong kinakaharap sa pagsulat ng banghay-aralin ng mga mag-aaral ng *Bachelor of Secondary Education Major sa Filipino*. Kinapanayam ng mga mananaliksik ang mga kalahok sa pamamagitan ng *Microsoft Teams* at *Messenger* bilang pag-iingat din mula sa COVID-19. Ang mga kalahok ay binigyan ng katiyakan sa pagiging kumpidensyal ng mga datos, at ipinaliwanag na maaari silang tumigil anumang oras o kadahilanan. Ang mga tugon ng mga kalahok ay isinaayos gamit ang *HyperRESEARCH software* upang maabuo ang mga tema. Ang mga tema ay sinuri ng mga mananaliksik.

### 2.6 Etikal na Konsiderasyon

Ayon kay Ryan et al. (2009) ang proteksyon sa mga karapatan ng mga kalahok ay ang pangunahing aspeto ng pagsasagawa ng isang panayam. Ang mga isyu ng kaalamang pahintulot, ang pagtatanggap magpakilala at pagiging kumpidensyal ay pinakamahalaga. Ang pangalan at lahat ng mga personal na impormasyon ng mga kalahok ay itinuturing na kumpidensyal at nanatiling kumpidensyal sa buong pag-aaral. Ipinaalam ng mga mananaliksik sa lahat ng kalahok ang layunin at kahalagahan ng pag-aaral. Ang mga mananaliksik ay humingi ng permiso sa paaralan at pahintulot ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay nagpaalam sa mga respondente na ang kanilang paglahok ay boluntaryo na kung saan wala silang anumang matatanggap na pabuya sa pagsagot at maaari silang magdalang sa anumang oras.

### 2.7 Pag-aanalisa ng Datos

Ang pamamaraan ni Moustaka sa pag-aanalisa ng datos ay gagamitin sa pag-aaral na ito. Pagkatapos mabasa ang tugon ng pangalawang beses para masuri ng mananaliksik ang datos, ang lahat ng ito ay babasahin muli upang matukoy ang konsepto na mahalaga sa pananaliksik. Pagkatapos ng inisyal na pagsusuri, ang mga sumusunod na

hakbang ay susundin:

*Horizontalization* ay isasagawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na importansya sa bawat tugon at pagbibigay ng deskripsyon. Sunod ay ang pagtatanggal at pagbawas sa mga tugon na walang kaugnayan sa mga balakid na nararanasan ng mga partisipante. Ang prosesong ito ay naglalaman ng pagtatanong kung ang mga tugon ba ay esensyal sa pag-unawa sa mga hamon o ito ba ay maaaring mai-label.

*Clustering* o ang pagtitipon-tipon ay gagawin sa mga tugon, at bawat kategorya ay magkakaroon ng tema. Ang hakbang na ito ay uulit-ulitin hanggang sa ang mga kategoryang naitipon ay makabuo ng isang tema tungkol sa balakid sa pagsulat ng banghay aralin.

Ang pinakahuli ay ang pagtutukoy sa mga tema sa pamamagitan ng pagbasa muli para magkaroon ng beripikasyon ang mga ito galing sa tugon na magkaugnay na ibinahagi ng mga partisipante. Ang mga temang ito ay gagamitin para makabuo ng indibidwal at pangkalahatang tesktural, istruktural, at tekstural – istruktural na deskripsyon na esensyal at mahalaga sa pag-aaral.

### 3 RESULTA AT TALAKAYAN

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang mga hamong kinakaharap ng Bachelor of Secondary Education Major sa Filipino sa pagsulat ng banghay aralin. Ang mga nakuhang datos sa pananaliksik na ito ay mula sa dalawampu't tatlong babae at dalawang lalaki. Sila ay mula sa unang taon sa kolehiyo hanggang sa ikaapat na taon sa kolehiyo at napabilang sa Filipino Major. Ang pag-aaral na ito ay nagbunga ng sumusunod na tema: (1) Kakulangan ng Malalim na Kaalaman sa Paksang Tatalakayin; (2) Kahirapan sa Pag-organisa ng mga Ideya; (3) Limitadong Bokabularyo; (4) Kahirapan sa Paglikha ng mga Gawain; at (5) Limitadong kakayahan at kasanayan sa pagbuo ng aralin

#### Tema 1: Kakulangan ng Malalim na Kaalaman sa Paksang Tatalakayin

Isa sa mga dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral na sumulat ng isang banghay-aralin ay ang kakulangan ng malalim na kaalaman sa paksa. Lingid sa ating kaalaman ang kahalagahan ng pagkakaroon ng isang malawak na kaalaman tungkol sa paksa na ating nais talakayin upang nang sa gayo'y mailahad natin ito nang maayos at epektibo. Ito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

*“Isa sa mga hamon na ang nararanasan sa pagsulat o paggawa ng banghay aralin ay yung wala akong masyadong kaalaman sa paksang aking tatalakayin. Nahihirapan ako sapagkat hindi ako masyadong pamilyar sa paksa at hindi rin ganoon ka lawak ang aking mga talasalitaan o kaalaman ukol sa paksang iyon” (P1).*

*“Para sa akin ang hamon na nararanasan ko sa paggawa ng banghay-aralin ay wala akong masyadong alam sa tatalakayin ko dulot ng kulang ako sa kaalaman” (P2).*

*“Bilang isang mag-aaral, ang hamon na nararanasan ko sa pagsulat ng banghay-aralin ay ‘yung hindi sapat ang aking kaalaman sa paksang tatalakayin kaya minsan nahihirapan din ako kung paano ko ito tatalakayin” (P3).*

*“Ang mga hamon na kinakaharap ko ay kapag wala akong masusing pag-unawa sa paksang aralin, kailangan kong mag-aral ng mabuti para makayanan ko iyon” (P20).*

Isa sa mga dahilan kung bakit itinuturing na hamon ang kakulangan ng malalim na kaalaman sa paksang tatalakayin ay dahil limitado lamang ang kanilang nahanap ng mga sanggunian. Dulot ng pagkakaroon lamang ng limitadong sanggunian ay hindi masyadong napapalawak ang paksa. Ito ang nasabi ng kahalok 11: *“para sa akin mahirap palawakin ang isang paksa dahil sa kakaunti lamang ang sanggunian na nakikita ko...” (P11).*

Kaya naman, isang hamon para sa kanila ang pagpili ng angkop na impormasyon o literaturang gagamitin (Botunac & Perinčić Tičić, 2020). Karaniwang kulang ng karagdagang impormasyon na siyang dahilan kung bakit hindi gaanong matibay ang aralin. Kaya naman, hindi gaanong nahihikayat ang mga mag-aaral (Rodriguez, 2018).

Bukod pa rito, marahil ang iba pang dahilan ay hindi masyadong nahasa ang kanilang kaalaman noon habang itinuturo ito ng kanilang guro, panlabas na mga gawain gaya ng pagsali sa iba't ibang palaro o paligsahan kaya minsa'y hindi na nakapapasok sa klase, kawalan ng interes sa asignatura, at mababang komprehensyon sa pagbasa ng nilalaman ng paksa. Bagkos nagdudulot ito ng negatibong impak sa mga mag-aaral na nagdudulot ng mababang marka (Hobby, 2018).



Ang isang mahalagang katangian ng guro upang maging matagumpay ang pagtuturo ay ang kaalaman nito sa paksa at kung paano niya ito gawing makabuluhan at kawili-wili. Bilang karagdagan, tinitiyak rin na ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng karagdagang kaalaman mula sa paksa (Rodriguez, 2018). Kaya sinasabing ang mga gabay na aklat ay naglalayong tulungan ang mga mag-aaral na maunawaan kung paano ituro ang mga paksa, paano linangin ang kaalaman, kasanayan at ideya upang nang sa gayo'y magpasyahan ang mga gawain na gagamitin sa panahon ng pagtuturo-pagkatuto (Köseoğlu, 2017).

Nakasalalay sa kaayusan ng pagkakalahad ng paksa o aralin ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Kaya naman ang mga guro sa Filipino Major ay dapat magsagawa ng mga tutorial session ukol sa mga paksa, ito ay maaaring gawin tuwing lingguhan o buwanan. Nang sa gayon ay magkaroon ng sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa paksang tatalakayin at nagtataglay ng kaangkupan ng mga nilalaman ang gagawing banghay aralin. Maaari ring bigyan ng pagkakataon ng guro ang mga mag-aaral ng kalayaang mamili ng paksa upang masigurong may alam sila rito dahil nakabatay rin sa kanilang kaalaman at interes ang paksang kanilang mapili. Bilang karagdagan, ang mga mag-aaral ay maaaring magsagawa ng masusing pananaliksik, pag-aralang mabuti ang paksang tatalakayin, at maghanap ng sapat na mga sanggunian na makatutulong sa pagpalawak ng kanilang kaalaman at makakuha sila ng karagdagang mga impormasyon ukol sa kanilang paksang tatalakayin.

## **Tema 2: Kahirapan sa Pag-organisa ng mga Ideya**

Isa sa mga bagay na pinaglalaanan ng malaking oras sa paggawa ng isang banghay-aralin ay ang pag-oorganisa ng mga nalikom na mga ideya. Kung maayos ang daloy ng isang banghay aralin ay tiyak na madali itong mauunawaan ng mga mag-aaral. Ngunit may mga pagkakataon pa rin na kahit punong-puno na ng mga ideya ay nahihirapan pa rin ang mga mag-aaral kung paano organisahin. Ito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

*"Ang hamon na aking naranasan sa pagsulat ng banghay-aralin ay yung kung paano iorganisa ang aking mga ideya upang maayos ang daloy ng tatalakayin ko" (P6).*

*"Ang hamon na kinakaharap ko ay kung paano ko oorganisahin ang aking mga ideya nang sa gayo'y maintindihan naman ito ng aking mga estudyante. Minsan kasi yung mga ideya ko ay hindi akma sa aking talakayin" (P12).*

*"Ang mga hamon na naranasan ko sa pagsulat ng banghay-aralin ay... at ang pag-oorganisa ng daloy ng paksa" (P16).*

*"Napakahirap para sa akin ang pag organisa ng idea dahil halimbawa nalilito ako kung paano ko sisimulan o kung ano ang unang hakbang na gagawin ko upang maging angkop sa aking banghay aralin" (P17).*

*"Nahihirapan ako sa pag organisa ng aking mga ideya kung paano ko ba ipapaliwanag ang paksa at kung ano ang aking isusulat na dapat ay naaayon sa layunin" (P24).*

Marami ring bilang ng mga mag-aaral ang nagpapakita ng pagkayamot, kawalan ng motibasyon sa pagsulat at kung minsan ay hirap na hirap pa sa pagbuo ng mga ideya. Ito ay bunga ng maling konsepto at mahinang estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat. Kadalasan, naapektuhan ng mga kahinaang ito ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat (Badayos, 2018). Batay sa hamong kinakaharap ng mga mag-aaral, malaki at malawak ang gampanin ng isang guro sapagkat kinakailangan nila ng lubos na pamamatnubay pagdating sa pagwawasto ng isang banghay aralin. Kaya sinasabing mahalaga ang fidebak ng mga galing mismo sa mga guro tungkol sa nagawang banghay aralin upang mas mapabuti at maitama ang kanilang ginawang banghay-aralin.

Ang kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo at mag-organisa ng mga ideya ay makakaapekto sa kalidad ng kanilang pagsulat ng banghay aralin. Upang magabayan ang mga mag-aaral sa paglinang ng pag-oorganisa ng kanilang mga ideya, ang mga guro ay maaaring maghanap ng mga halimbawang banghay aralin upang may pagbabatayan sila. Ang mga guro ay maaari ring magbigay ng mga gawain sa mga mag-aaral tulad ng pasusulatin sila ng iba't ibang sulatin. Sa pamamagitan nang paulit-ulit na pagsulat, mahahasa nila ang kanilang kasanayan sa pag-oorganisa ng ideya sa anumang sulatin. Bilang karagdagan, para sa mga mag-aaral, mas maiging isulat muna ang mga naisip nilang ideya pagkatapos ay himay-himayin at tanggalin ang mga ideyang malayo ang kaugnayan sa paksa.

## **Tema 3: Limitadong Bokabularyo**

Ang isang taong may malawak na talasalitaan ay nakapagpapahayag ng kanyang nalalaman, mga kaisipan at saloobin nang tiyak, madali at malinaw. Kapag wasto at nababagay ang mga salitang ginagamit ng isang tao, lalo na sa paglalarawan, nagiging mabisa ang kanyang pagpapahayag pasulat man o pasalita. Kung limitado lamang ang

bokabularyo ay 'di malayong hindi masyadong magiging epektibo at maayos ang paliwanag. Ito ang sinabi ring hamon ng mga mag-aaral batay sa panayam na isinagawa.

*"Nagsimula akong magsulat ng banghay-aralin noong ako pa ay nasa unang taon ng aking kolehiyo. At masasabi kong talagang nangangapa pa ako noon. Hindi ko alam ang ibang mga termino na kinakailangang punan. Katulad ng "drill", "inductive approach o deductive approach" at marami pang iba..." (P7).*

*"Sa pagsulat ng banghay-aralin ay naranasan ko ang mga paghihirap lalo na sa pagpili ng mga tamang salita na aakma sa aking gagawing banghay-aralin na gagawin." (P9).*

*"Sa pagsulat ng banghay-aralin, masasabi kong napakahirap lalo na't maraming malalalim na salita mula sa Filipino na nalilito ako kung paano gamitin pero magandang experience na din iyon sapagkat natuturuan ko ang aking sarili kung paano nga ba talaga gamitin ang mga salitang iyon. Mahirap siya pero masaya naman lalo na kapag natapos ko na siya gawin at isang achievement na talaga sa aking ang makatapos ng isang banghay- aralin" (P15).*

Kinakailangang linangin ang bokabularyo ng mga mag-aaral upang maiwasan ang paulit-ulit na mga salita at mas maging madali ang pag-intindi nila sa kahulugan ng bawat salita sa wikang Filipino. Isa sa mga salik na nakaaapekto sa bokabularyo ay ang wika na kanilang ginagamit sa pagsulat ng banghay aralin, maaaring hindi ito ang kanilang wikang kinagisngan. Ang kakulangan ng bokabularyo ay maaaring magdulot ng kawalan ng interes ng mag-aaral na sumulat o gumawa ng isang banghay-aralin at walang direksyon na patutunguhan.

Ang pagkatuto ng bokabularyo ay isang patuloy na proseso ng pagtatagpo ng panibagong mga salita sa makabuluhang konteksto. Makatutulong nang husto ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo at pagbibigay ng iba't ibang gawaing pasulat gaya ng peer correction at ang madalas na paggamit ng disksyunaryo (Peranginangin & Puspita, 2021). Mahalaga ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman sa mga salita upang mabigyang katuturan ang ideyang ipinahahayag gamit ang mga tamang anyo ng salita at maunawaan ang kaalamang ipinararating ng guro o mag-aaral.

Ang pagsulat ng isang mahusay na banghay aralin ay nakabatay sa kung gaano kalawak ang bokabularyo ng isang tao. Kaya naman upang mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral, maaaring magsagawa ng iba't ibang interaktibong gawain ang guro gaya ng pagbuo ng dayalogo, word association at pagwawasto ng teksto. Ang mgamag-aaral ay kailangan nilang ugaliin ang pagbabasa ng diksyunaryo o mga babasahin na nakasulat sa wikang Filipino. Maaari ring sumulat o bumuo ng anumang uri ng sulatin bilang pagsasanay sa pagpapalawak ng bokabularyo.

#### **Tema 4: Kahirapan sa Paglikha ng mga Gawain**

Isa sa mga pangunahing gawain ng guro ay hikayatin ang mga mag-aaral na makilahok sa bawat gawain para sa ikauunlad ng pagkatuto ng mag-aaral. Ang layunin ng mga gawain ay hindi lamang upang maaliw bagkos mas pahasayin pa ang pag-unawa sa paksang itinalakay, paglinang ng mga kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral na matuto at mag-isip nang mapanuri. Sa kabila ng kahalagahan nito, itinuturi pa rin ng mga mag-aaral na isang hamon ito sa pagbuo ng isang banghay-aralin. Ito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

*"Para sa akin, nahihirapan akong maghanap na pwede kong gawing gawain o activity sa mga mag-aaral" (P14).*

*"Sa pagsulat ng banghay-aralin, masasabi ko na ito ay mahirap... Hindi din madali ang bumuo ng gawain na may kinalaman sa napiling paksa..." (P16).*

*"Lahat ng may kinalaman sa paggawa ng isang gawain, tulad ng Pagsasanay, Activity, at Application" (P19).*

*"Ang pagsulat ng banghay aralin ay mahirap. Hindi lamang nagsusulat ng kung ano-ano. Sinusulat dito ang mga gawin, leksyon na dapat kaugnay sa layunin" (P24).*

*"Nahirapan din ako sa paggawa ng mga gawain na aking ipapagawa..." (P4).*

*"Ang mga hamon na naranasan ko sa pagsulat ng banghay-aralin ay ang... Pangalawa ay ang pag-iisip ng mga gawain na interaktibo at may koneksyon sa talakayan, hindi kailanman ito magiging madali dahil kailangan ng isang guro ang magkaroon ng talakayang matututo at maaliw ang mga mag-aaral. At ang panghuli ay ang paggawa*



*ng mga aktibidad na may koneksyon din sa totoong buhay, kung papaano ang maging daloy ng talakayan” (P5).*

*“Ang mga hamon na aking naranasan sa pagsulat ng banghay aralin ay ...nahihirapan din akong mag-isip kung anong mga motibasyon o gawain ang aking ilalagay upang makuha ang interes ng aking nga estudyante” (P7).*

*“Ang parte ng banghay-aralin na sa tingin ko’y pinakamahirap ay sa bahaging gawain. Mahirap lumikha ng gawaing malikhain kung saan ito ay dapat na learner-centered” (P16).*

Labis ang pagkabahala ng ilang mga mag-aaral pagdating sa paggawa na ng sariling mga gawain na akma sa kanilang paksa at makakapaglinang sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Kinakailangan ng masusing pag-iisip at pagiging malikhain sa paglikha ng bawat pang akademikong gawain upang mas maging interaktibo, makabuluhan at epektibo ang kalalabasan ng pagtuturo.

Ang pagiging epektibo ng pagtuturo ay nakasalalay sa mabisang pagpaplano. Sa paglikha at pagdidisenyo ng mga pang-akademikong gawain ay may kaakibat na pag-iingat na pagsunod sa hakbang upang matiyak na ang pagtatasa ay magkatugma sa layunin at nais nitong makamtan pagkatapos ng diskusyon (Abdullah, 2020). Ang isinagawang gawain sa pagkatuto ay dapat nagsisimula sa isang wastong induksyon, ibig sabihin kinakailangan na mag-udyok ang interes sa mga mag-aaral tungkol sa paksa. Dapat magkaroon ng maikling paglalakbay sa mga nakaraang aralin, at sinisiguradong magtatapos sa fidbak na mula sa mga mag-aaral at isang guro para tahasain ang natutunan ng mga mag-aaral (Pal, 2022). Ang paghahanda ng mga gawain ay malaking tulong para mas malalim na pagkatuto’t pagkaunawa ng mga mag-aaral (Jones & Davis, 2018).

Tunay na ang pakikipagpalahok sa mga pang-akademikong gawain ay nakapagpupukaw ng kanilang atensyon at pokus, nag-uudyok sa kanila paganahin at hasain ang kritikal na pag-iisip, at nagtataguyod ng makabuluhang mga karanasan sa pag-aaral. Dahil dito, ang mga gagawing gawain ng mga mag-aaral ay kinakailangang nakadiseno sa iba’t ibang uri ng mga gawain na makahihikayat sa mga kanilang magiging mag-aaral na gamitin ang kanilang talino at kakayahan.

#### **Tema 5: Limitadong Kakayahan at Kasanayan sa Pagbuo ng Aralin**

Ang epektibong pagpaplano sa pagbuo ng aralin ay napakahalaga para sa epektibong pagtuturo. Kapag ang isang aralin ay produkto ng isang maayos na pagpaplano ay tiyak na mas magiging madali ito para sa kanya na talakayin ng mas komprehesibong na paraan. Bagama’t kahit ilang oras na ang kanilang ginugol sa pagbuo ng aralin, may pagkakataon pa rin na nahihirapan sila kaya itinuturi nila itong isang hamon. Ito ang mga panayam na nakuha mula sa kalahok:

*“Ang parte ng banghay-aralin ang sa tingin ko’y pinakamahirap isulat ay ang sa paghahanda. Inaamin ko na hindi pa sapat ang aking kakayahan sa parteng ito. Sa paghahanda kasi, kailangang maging malikhain at dapat ikinokonekta sa totoong buhay ang mga katanungan sa mag-aaral at upang ito’y kanilang maunawaan at masagot ng maayos” (P5).*

*“Sa tingin ko ang pinakamahirap na parte ay ang analysis o ang parte na kung saan itatalakay na ang paksang aralin” (P4).*

*“Para sa akin, ang parte ng banghay aralin na mahirap na isulat ay ang motibasyon at aplikasyon sapagkat hindi pa ako sanay sa paggawa nito, dahil sa paggawa mismo ng aralin ay dito natin pinag-iisipan ng mabuti kung pano ito iayon sa ating paksang aralin” (P8).*

*“Sa bahaging pagsusuri diyan ako lubos na nahihirapan dahil limitado pa lamang ang aking kakayahan para mapalawak ito” (P17).*

May mga pagkakataon na nawawalan ng gana ang mag-aaral na buoin ang aralin sa kadahilanang limitado lamang ang kaniyang kakayahan. Kagaya na lamang sa nangyari kay kahalok 25: *“Ang pinakahirap na isulat sa parte ng banghay aralin ay ‘yung sa pagsusuri dito ako natatagalan ng lubos sa kadahilanang limitado lamang ang aking kakayahan at minsan dahil diyan nawawalan na ako ng gana.”*

Karaniwang kakulangan sa kasanayan at kakayahan sa pagbuo ng aralin nga ang dahilan kung bakit mabagal ang pag-usad para mabuo ito. Maaaring isa sa mga salik kung bakit hindi sila masyadong sanay sa paggawa at mababa lamang antas ng kasanayan sa ganitong uri na gawain sa kadahilanang ang iba sa kanila ay hindi nagmula sa strand na kung saan napapabilang ang Teacher Education noong Senior High School pa lamang. Sa strand na kung saan

napapabilang ang Teacher Education, ang mga mag-aaral na ito ay unti-unti ng sinasanay at inilalantad ang mga mag-aaral na gustong maging isang guro sa hinaharap sa mga ganitong gawain. Kaya ang nangyayari, hindi sapat ang kanilang kakayahan na bumuo ng isang aralin.

Ang pagpapalano sa pagbuo ng aralin ay gumagamit ng angkop na estratehiya. Kinakailangan na maging madiskarte upang makabuo ng isang mabisa at impormatibong aralin. Malilintang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsisiyasat, pagsusuri, pagsasaliksik, pagkakaroon ng mapanuring pag-iisip, mabisang komunikasyon sa guro at pag-unawa sa mga nangyayari sa kapaligiran na ginagalawan ng mga mag-aaral (Antonio, 2021). Ang kalidad ng sapat na kasanayan ay nagbibigay din ng tyansa sa mga guro na mas matulungan at gabayan ang mga mag-aaral sa pagtupad ng mga kasanayan, kaalaman, at karanasan na susuporta sa mga mag-aaral (Hernando-Malipot, 2021).

Samakatuwid, ang pagkakaroon ng training programs at seminars na pinangungunahan ng mga ekspertong guro ay higit na mas nakatutulong upang mahasa ang kakayahan at kasanayan. Ang mga mag-aaral ay hinihikayat na sumulat ng banghay aralin gamit ang iba't ibang metodolohiya upang mahasa at masanay ang mga ito. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsulat, naragdagan ang antas ng kanilang kasanayan sa pagbuo ng aralin.

### 3. BUOD, MGA NATUKLASAN, AT KONKLUSYON

#### Buod

Ang pag-aaral na ito ay naglayong matukoy ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa *Bachelor of Secondary Education Major sa Filipino* sa pagsulat ng banghay aralin. Ito ay isang kwalitatibong pag-aaral na gumagamit ng *phenomenological* na disenyo. Dalawampu't limang mag-aaral ng *Bachelor of Secondary Education Major sa Filipino, Misamis University, Ozamiz City* ang lumahok sa pag-aaral na ito na pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling*. Ang mga mag-aaral ay kinapanayam gamit ang gabay na katanungan na sariling-gawa ng mga mananaliksik. Ang panayam ay isinagawa nang birtuwal gamit ang *Microsoft Teams* at *Messenger*. Upang makuha ang resulta mula sa nakuhang mga datos ito ay sinuri gamit ang *transcendental phenomenology* ni Moustaka. Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng isang *qualitative statistical software* na tinatawag na *HyperRESEARCH* upang suportahan ang pagsusuri ng mga datos.

#### Mga Natuklasan

Batay sa mga datos na nakuha, natuklasan ng mga mananaliksik ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng banghay aralin:

1. Ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagsulat ng banghay aralin dahil sa kakulangan ng malalim na kaalaman sa paksang tatalakayin. Walang silang ideya sa paksa at limitado lamang ang sangguniang kanilang nahanap kaya nahihirapan silang palawakin ang paksang kanilang tatalakayin.
2. Ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pag-organisa ng kanilang mga ideya. Nalilito sila sa kung ano ang kanilang isusulat at nahihirapan sa pag-organisa ng mga nalikom na mga ideya.
3. Ang mga mag-aaral ay may limitadong bokabularyo. Dahil dito, nahihirapan sila sa pagpili o paggamit ng mga tamang salita na umaayon sa konteksto sa kanilang gagawing banghay aralin.
4. Ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa paglikha ng mga gawain. Nahihirapan sila sa pag-isip ng mga interaktibo at makabuluhang gawain na may kinalaman sa layunin ng aralin.
5. Ang mga mag-aaral ay may limitadong kakayahan at kasanayan sa pagbuo ng aralin. Bunga nito, nahihirapan ang mga mag-aaral sa ilang bahagi ng banghay aralin at natatagalan ang pagbuo nila ng aralin.

#### Konklusyon

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, narito ang mga konklusyon:

1. Ang kakulangan ng kaalaman sa paksang tatalakayin ay itinuturing na pinakaproblema ng mga mag-aaral sa pagsulat ng banghay aralin na kung saan ito ay nagdulot ng hindi maayos na paglalahad at pagpapaliwanag ng aralin. Bilang karagdagan, ang kawalan ng kaalaman o ideya sa paksang tatalakayin ang isa sa mga sanhi kung bakit nahirapang magsimula sa pagsulat ang mga mag-aaral. Ito ay dahil din sa limitado lamang ang mga sanggunian na nakalap ng mga mag-aaral o kulang sila sa mga karagdagang impormasyon kaya hindi nila masyadong napapalawak ang paksa.
2. Ang kahirapan sa pag-organisa ng mga ideya ay hamon rin para sa mga mag-aaral dahil may mga pagkakataong maraming mga ideya ang mga mag-aaral na kung minsan ay humahantong sa kalituhan. Kaya ang kinalalabasan ay nahihirapan sila kung paano i-organisa ang mga ideya sa maayos na paraan.

3. Karamihan sa mga mag-aaral ay hindi bihasa sa paggamit ng wikang Filipino, pasulat man o pasalita. Kaya marami sa mga mag-aaral ang nahirapan sa pagsulat ng banghay aralin sapagkat limitado lamang ang kanilang bokabularyo. May panahon na hindi tugma ang mga salita na kanilang ginamit sa nais nilang ipahiwatig. Bunga nito, nawawalan ng kabuluhan at bisa ang daloy ng diskusyon sa sinulat na banghay aralin.
4. Nakapagbibigay rin ng kahirapan sa mga mag-aaral ang paglikha ng mga gawain sapagkat nagkakaroon sila ng agam-agam sa pag-iisip at paglikha ng mga gawain na aakma sa kanilang paksa at layunin kaya malaki ang epekto nito sa pagbuo ng banghay aralin.
5. Ang limitadong kakayahan at kasanayan sa pagbuo ng aralin ay naging hamon din sa mga mag-aaral. Marahil unang beses nilang nasubukang sumulat ng banghay aralin lalo na ang mga mag-aaral sa unang taon nila sa kolehiyo kaya nahirapan silang buoin ang piling bahagi ng banghay aralin. Samakatuwid, isa ito sa mga dahilan kung bakit paulit-ulit na nagrerebisa ang mga mag-aaral.

#### 4. REKOMENDASYON

##### Naririto ang mga rekomendasyon ng mga mananaliksik mula sa isinagawang pag-aaral:

1. Ang mga guro sa Filipino ay maaaring magsagawa ng lingguhang pagrerebyu sa mga paksa upang ang mga impormasyon ay mapanatili sa kanilang isipan. Ang pagkakaroon ng kalayaan sa pagpili ng paksa ng mga mag-aaral ay inirerekomenda rin ng mga mananaliksik sa mga guro upang masigurong may alam sila rito dahil nakabatay rin sa kanilang kaalaman at interes ang paksang kanilang mapili. Bukod pa rito, ang mga mag-aaral ay kailangang maglaan ng sapat na panahon sa paghahanap ng mga sanggunian nang sa gayo'y maragdagdagan pa ang kanilang kaalaman sa paksang tatalakayin.
2. Ang mga guro ay maaaring magbigay ng mga gawain sa mga mag-aaral tulad ng pasusulatin sila ng iba't ibang sulatin. Ang mga mag-aaral ay maaari ring magsagawa muna ng pagbabalangkas sa mga ideyang kanilang mga nalikom.
3. Ang mga guro ay maaaring magbigay ng iba't ibang interaktibong gawain tulad ng mga *word games*. Ang mga mag-aaral ay hinihikayat na magbasa ng diksyunaryo o mga babasahin na nakasulat sa wikang Filipino.
4. Ang mga mag-aaral ay maaari silang kumuha ng mga ideya o gawain sa mga nakalimbag na aklat gaya ng *Interactive and Innovative Teaching Strategies*.
5. Ang College of Education ay maaaring magpatupad ng mga *training programs* at *seminars* upang makatulong sa paghahasa sa kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng banghay aralin. Para sa mga mag-aaral, upang maragdagan ang antas ng kanilang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral ay iminumungkahi na gumamit ng bago o iba't ibang metodolohiya sa pagsulat ng banghay aralin.

#### REFERENCES

1. ALLAHVERDI, F. Z., & GELZHEISER, L. (2021). Comparison of a More Effective and a Typical Teachers' Lesson Plan Detail. *Sakarya University Journal of Education*, 11(1), 83-100. Retrieved from <https://doi.org/10.19126/suje.797461> on April 11, 2022
2. Altınmakas, D., & Bayyurt, Y. (2019). An exploratory study on factors influencing undergraduate students' academic writing practices in Turkey. *Journal of English for Academic Purposes*, 37, 88-103.
3. Retrieved from <https://tinyurl.com/msdb74vb> on June 10, 2022
4. Al-Naibi, I. H., Al-Jabri, M., & Al-Kalbani, I. (2018). Promoting Students' Paragraph Writing Using EDMODO: An Action Research. *Turkish Online Journal of Educational Technology-TOJET*, 17(1), 130-143. Retrieved from <https://www.proquest.com/openview/9fbc454020e58459a94086233333e364/1?pq-origsite=gscholar&cbl=1576361> on June 27, 2022
5. Coenders, F., & Verhoef, N. (2019). Lesson Study: professional development (PD) for beginning and experienced teachers. *Professional development in education*, 45(2), 217-230. Retrieved from <https://www.tandfonline.com/doi/full/10.1080/19415257.2018.1430050> June 30, 2022
6. Emiliyasi, R. N. (2019). Lesson planning in EFL classroom: A case study in lesson plan preparation and implementation. *Wiralodra English Journal*, 3(2), 367-375. Retrieved from <https://wej.unwir.ac.id/index.php/wej/article/view/67> on June 17, 2022
7. Flower, L., & Hayes, J. R. (1981). A cognitive process theory of writing. *College composition and communication*, 32(4), 365-387. Retrieved from <https://www.jstor.org/stable/356600> on April 12, 2021
8. Habib Habiburrahim, "A Review of the Department of English Language Education Curriculum Development", *Journal of Language, Education, and Humanities*, Vol.6, No.1, (January, 2019), p. 1-
9. Retrieved from <https://jurnal.ar-raniry.ac.id/index.php/englisia/article/view/3529> on April 8, 2022
10. Häkkinen, P., Järvelä, S., Mäkitalo-Siegl, K., Ahonen, A., Näykki, P., & Valtonen, T. (2017). Preparing teacher-

students for twenty-first-century learning practices (PREP 21): a framework for enhancing collaborative problem-solving and strategic learning skills. *Teachers and Teaching*, 23(1), 25-41.

11. Retrieved from <https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/13540602.2016.1203772> on May 24, 2022
12. Hernando-Malipot. (2021, January 6). DepEd issues guidelines on evaluation of selflearning modules. Manila Bulletin. Retrieved from <https://mb.com.ph/2021/01/06/depd-issues-guidelines-on-evaluation-ofselflearning-modules/> on June 26, 2022
13. Hobbs, L. (2018). Too many teachers teaching outside their area of expertise. *The Conversation*, 13. Abdullah Arslan 2020. Instructional Design Considerations for Flipped Classroom *International Journal of Progressive Education*, Volume 16 Number 6, 2020. Retrieved from <https://eric.ed.gov/?id=EJ1279317> on May 16, 2022
14. Hujjaturrahmah S, "An Analysis of Lesson Plans on Teaching Reading at SMKN 1 Tapaktuan", (Thesis Faculty of Education and Teacher Training, UIN Ar-Raniry Darussalam Banda Aceh, 2019), p. 2.
15. Retrieved from <https://repository.ar-raniry.ac.id/id/eprint/8812> on April 5, 2022
16. Jayanti, A. D. (2019). Students' Writing Ability on English Descriptive Text at Grade VIII in SMPN 33 Padang. *ENGLISH FRANCA: Academic Journal of English Language and Education*, 3(1), 72-94. Retrieved from <https://pdfs.semanticscholar.org/9eea/93d64da0e0a12b6c58dfc67a7f2fc340c5cc.pdf> on April 30, 2022
17. Jonassen, D.H. (2018). Evaluating constructivist learning. *Educational Technology*, 28 (11), 13-16.
18. Retrieved from <http://www.sciepub.com/reference/87793> on April 13, 2022
19. Jones, S. (2018). Reasons why it is important to plan lesson. Retrieved from <https://www.eln.io/blog/3-reasons-lesson-planning> on April 7, 2022
20. Jones, P., & Davis, R. (2018). Instructional design methods integrating instructional technology. In Handbook of research on instructional systems and technology (pp. 15-27). IGI Global.
21. Köseoğlu, F., Atasoy, B., Kavak, N., Akkuş, H., Budak, E., Tümay, H., Kadayıfçı, H. & Taşdelen, U. (2017), "Yapılandırmacı Öğrenme Ortamı İçin Bir Fen Ders Kitabı Nasıl Olmalı?". Ankara: Asil Yayın Dağıtım
22. Marino, M.P., & Crocco, M.S. (2020). The pre-service practicum experience and inquiry-oriented pedagogy: Evidence from student teachers' lesson planning. *The Journal of Social Studies Research*, 44(1), 151-167. <https://doi.org/10.1016/j.jssr.2019.02.001> on April 11, 2022
23. Nawas, A. (2018). Contextual teaching and learning (ctl) approach through react strategies on improving the students' critical thinking in writing. Retrieved from <https://digital.library.adelaide.edu.au/dspace/handle/2440/124867> on May 6, 2022
24. Nida, T. (2019). A lesson plan model for character education in primary education. *Educational Research and Reviews*, 14(4), 130-139. Retrieved from <https://academicjournals.org/journal/ERR/article-full-text-pdf/599068D60164> on April 10, 2022
25. Nurtanto, M., Kholifah, N., Masek, A., Sudira, P., & Samsudin, A. (2021). Crucial Problems in Arranged the Lesson Plan of Vocational Teacher. *International Journal of Evaluation and Research in Education*, 10(1), 345-354. Retrieved from <https://eric.ed.gov/?id=EJ1285679> on April 15, 2022
26. Ojukwu, E. V. (2021). Adequate Lesson Plan: A Prerequisite for Effective Teaching and Learning Of Music. *Awka Journal of Research in Music and Arts (AJRMA)*, 9, 159-173. Retrieved from <https://www.nigerianjournalsonline.com/index.php/ajrma/article/view/1897> on April 12, 2022
27. Olorunfemi, H. T., & Bitrus, C. K. (2021). Developing Effective Paragraphs for Higher Performance in Essay Writing of Senior Secondary School Students in Bwari Area Council of the Federal Capital Territory. *VEJOH-VERITAS JOURNAL OF HUMANITIES*, 3(1). Retrieved on <https://acjol.org/index.php/veritas/article/view/2032> on May 6, 2022
28. Pal D, Taywade M, Alekhya G (2022). Designing a comprehensive lesson plan: A crucial aspect in improving the teaching-learning process. *Curr Med Issues* 2022; 20:48-51
29. Perangin-angin, S. B., & Puspita, C. (2021). KNOWING THE STUDENTS' LACK IN IMPROVING VOCABULARY BY ONLINE CORRESPONDENT AT SMA SWASTA CERDAS BANGSA.
30. *SKYLANDSEA PROFESIONAL Jurnal Ekonomi, Bisnis dan Teknologi*, 1(2), 183-192. Retrieved from <https://tinyurl.com/4r4fnd7e> on June 11, 2022
31. Rodriguez, K.F.R., & Abocejo, F.T. (2018). Competence vis-à-vis performance of special education pre-service teachers. *European Academic Research*, 6(7), 3474-3498. Available at: <http://www.euacademic.org/UploadArticle/3707.pdf>
32. Ryan, F., Coughlan, M., & Cronin, P. (2009). Interviewing in qualitative research: The one-to-one interview. *International Journal of Therapy & Rehabilitation*, 16(6), 309-314. Retrieved from [https://www.researchgate.net/publication/233407581\\_Ryan\\_F\\_Coughlan\\_M\\_Cronin\\_P\\_2009\\_Interviewing\\_in\\_qualitative\\_research\\_the\\_one-to-one\\_interview\\_International\\_Journal\\_of\\_Therapy\\_and\\_Rehabilitation\\_166\\_309-314](https://www.researchgate.net/publication/233407581_Ryan_F_Coughlan_M_Cronin_P_2009_Interviewing_in_qualitative_research_the_one-to-one_interview_International_Journal_of_Therapy_and_Rehabilitation_166_309-314) on April 12, 2022
33. Sadam Fajar Shodiq, Dasim Budimansyah, Edi Suresman, Mupid Hidayat. (2021). Character-based Lesson Plan

- in Constructing Tolerance for Student. *International Journal of Early Childhood Special Education (INT-JECSE)*, 13(2): 359-367. DOI: 10.9756/INT-JECSE/V13I2.211072. Retrieved from
34. <https://www.int-jecse.net/data-cms/articles/20211202023100pm211072.pdf> on April 9, 2022
35. Saud, Abdul (2019). The Impact of Analytical Skill of Teacher Book on Teacher's Competence in Compiling Lesson plan for Elementary Schools in Cicalengka Sub-District. Retrieved from <https://www.proquest.com/conference-papers-proceedings/impact-analytical-skill-teacher-book-on-s/docview/2436410983/se-2?accountid=149218> on April 6, 2022
36. Saputri, M. (2017). English Teachers' Difficulties in Designing Lesson Plan Based on 2013 Curriculum. A Thesis. Surakarta: IAIN Surakarta. Retrieved from <https://docplayer.net/135383307-English-teachers-difficulties-in-designing-lesson-plan-based-on-2013-curriculum-a-descriptive-study-in-smp-al-islam-1-surakarta-thesis.html> on April 10, 2022
37. Shweba, A. A. A., & Mujiyanto, Y. (2017). Errors of spelling, capitalization, and punctuation marks in writing encountered by first year college students in AlMerghib University Libya. *English Education Journal*, 7(2), 93-103. Retrieved from <https://journal.unnes.ac.id/sju/index.php/eej/article/view/15731>
39. on May 12, 2022
40. Simamora, R. E., Sidabutar, D. R., & Surya, E. (2017). Improving learning activity and students' problem solving skill through problem based learning (PBL) in junior high school. *International Journal of Sciences: Basic and Applied Research (IJSBAR)*, 33(2), 321-331. Retrieved from <https://www.researchgate.net/profile/Rustam-E-> on May 16, 2022
41. Sofiyah, Lilis (2021) An Analysis of the Lesson Plan on Teaching Reading Comprehension at SMPN 03 Maja. Diploma atau S1 thesis, UIN SMH BANTEN. Retrieved from <http://repository.uinbanten.ac.id/7568/3/CHAPTER%20I.pdf> on April 10, 2022
42. Sugianto, A. (2020). Applying a lesson plan for a digital classroom: Challenges and benefits. *International Journal of English Education and Linguistics (IJoEEL)*, 2(2), 21-33. Retrieved from [https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/65261453/1506\\_3603\\_1\\_PB-with-cover-page](https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/65261453/1506_3603_1_PB-with-cover-page) on May 18, 2022
43. Sukma, E. (2019). A STUDY OF THE DEVELOPMENT OF ENGLISH PARAGRAPHS IN WRITING ARGUMENTATIVE ESSAYS AT SMKN 1 BATANG HARI. *Journal Education of Batanghari*, 1(1), 58-65. Retrieved from <https://ojs.hr-institut.id/index.php/JEB/article/view/23> on May 23, 2022
45. Sumarno, W. K. (2021, April). TRANSFORMING ONLINE CHAT DATA INTO ARTICLES: EXPLORING THE STUDENTS' WRITING QUALITIES AND DIFFICULTIES IN GENERATING AND ORGANIZING IDEAS. In *English Language and Literature International Conference (ELLiC) Proceedings* (Vol. 4, pp. 203-212). Retrieved from <https://jurnal.unimus.ac.id/index.php/ELLIC/article/view/7478> on June 4, 2022
47. Ulandari, L., Amry, Z., & Saragih, S. (2019). Development of Learning Materials Based on Realistic Mathematics Education Approach to Improve Students' Mathematical Problem Solving Ability and Self-Efficacy. *International Electronic Journal of Mathematics Education*, 14(2), 375-383. Retrieved from <https://eric.ed.gov/?id=EJ1227202> on May 27, 2022
- Wali, O., & Madani, A. Q. (2020). The Importance of Paragraph Writing: An Introduction. *organization*, 3(07). Retrieved from <http://www.ijlrhss.com/paper/volume-3-issue-7/7-HSS-704.pdf> on June 7, 2022
48. Yoandita, P. E. (2019). AN ANALYSIS OF STUDENTS' ABILITY AND DIFFICULTIES IN WRITING DESCRIPTIVE TEXT. *Jurnal JOEPALLT (Journal of English Pedagogy, Linguistics, Literature, and Teaching)*, 7(1). Retrieved from <https://jurnal.unsur.ac.id/jeopallt/article/view/534> on June 5, 2022